

Para makasiguro kung sakaling magkakasakit , magparehistro sa

National Health Insurance (NHI)

- Ang taglamig ay nagdadala ng sipon, na maaaring simulan ng ibang sakit. Kung nararamdamang magkakasipon, kumunsulta agad sa duktora.
- Nag-aalala sa mataas na gastusing medikal? Nandiyan ang National health insurance para tumulong sa inyong mga babayaran. Nakarehistro na ba kayo sa NHI?

Paano magpa-rehistro sa National Health Insurance (NHI)?

Ang mga banyagang residente na nakarehistro at naninirahan sa Japan ng isang taon o higit pa ay maaaring magpa-rehistro. Dalhin lamang ang iyong registration card.

Kinakailangan bang lahat ng miyembro ng pamilya ay magrehistro sa NHI?

- (1) Ang namumuno sa pamilya ang kailangang magpa-rehistro sa NHI at magbayad ng kaukulang kabayaran. Isang katibayan ng insurance ang ibibigay sa pamilya. (Maaaring bigyan ng sertipiko o katibayan ang lahat ng miyembro ng pamilya kung kinakailangan.)
- (2) Ang lahat ay maaaring maging miyembro ng NHI, bata man o matanda.
- (3) Ang lahat ng nakatira sa iisang bubong ay kasama sa iisang pamilya. (Kung hindi magkakasama, bawat mag-anak ay may iba't ibang namumuno sa pamilya)

Maaari bang magpa-rehistro ang isang empleado ng companya sa NHI?

Ang mga nakarehistro sa Employee's Health Insurance at mga umaasa dito ganundin ang mga tumatanggap ng tulong pampubliko ay maaari ng huwag magpa-rehistro sa NHI.

Mga Benepisyo?

Ang mga gastusing medikal ng mga hindi nakarehistro ay mula 100% hanggang 500 % para sa parehong sakit kumpara sa mga nakarehistro. Kung nagpakunsulta na mayroong health insurance certificate, 30 % lang ang babayaran sa kuwenta (20% para sa bata, 3 taon o mas bata pa). Kabayaran para sa mga 70 taong gulang o higit pa ay 10% lang.

Kung hindi kayang magbayad ng kaukulang babayaran,

Maaaring mag-aply para sa diskuwento o walang babayaran. Magtanong sa munisipyo.

Ang nakarehistro sa NHI ay makakakuha ng mga benepisyo gaya ng:

Benepisyo sa pagpapagamot ay binibigay sa mga naka-confine sa ospital gayundin sa mga kumukunsulta lang. Iba pang benepisyo gaya ng **allowans sa panganganak** (kapag nagsilang ng sanggol) **allowans sa namatayan**(bibigyan ang naiwan ng konting tulong-pinansyal) **allowans sa paglipat** (gastusin sa paglipat sa ibang ospital na ipinapayo ng duktora, sa pagsang-ayon na rin ng tanggapan.) **Gastusin sa home care visits** (kapag kailangan ng isang pasyente sa bahay ng pasadyang pagpapatingin o pag-aalaga,bahagi lang ang sasagutin niya dahil sa kanyang health insurance certificate.) Kapag ang iyong gastusing medical kada buwan ay lumampas sa maximum, ang halagang ito ay maaaring maibalik . Pumunta sa munisipyo para sa mga katanungan.

• Tanggapan na namamahala sa NHI •

Fujimishi	Insurance and Pension Section	049-251-2711
Kamifukuokashi	Health Insurance Section	049-261-2611
Oimachi	Resident Section Health Insurance	049-261-2811
Miyoshimachi	Citizens Section	049-258-0019